**Sistema ng *Voucher* kaugnay ng Pagkonsumo**
**(*Consumption Voucher Scheme*)**

**Mga dapat tandaan patungkol sa rehistrasyon**

Sa ilalim ng Sistema ng *Voucher* kaugnay ng Pagkonsumo (*Consumption Voucher Scheme* - "ang Sistema o *Scheme*"), ang mga elektronikong *voucher* para sa pagkonsumo na may kabuuang halaga na $5,000 ay ibabayad sa bawat karapat-dapat na tao nang hulog-hulugan nang may pananaw na mahikayat at mapalakas ang lokal na pagkonsumo.

**<u>Kriterya sa Pagkakarapat-dapat</u>**

Kailangang matugunan ng nagpaparehistro ang lahat ng mga kriterya na nasa ibaba, iyon ay, ang nagpaparehistro:

(a) ay nasa edad na 18 o pataas sa o bago sumapit ang Hunyo 18, 2021; at
(b) sa pagsapit ng Hunyo 18, 2021,
  (i) ay isang permanenteng residente ng Hong Kong na may hawak na isang mula sa lokal na ini-isyung Permanenteng Kard ng Pagkakakilanlan sa Hong Kong (*Hong Kong Permanent Identity Card* - "HKPIC") o isang balidong Sertipiko ng Eksempsyon (*Certificate of Exemption* - "EC") na ini-isyu ng Komisyoner ng Rehistrasyon (*Commissioner of Registration*) sa ilalim ng Mga Regulasyon sa Rehistrasyon ng mga Tao (*Registration of Persons Regulations*, Cap. 177A); o
  (ii) ay isang residente ng Hong Kong na may balidong Kard ng Pagkakakilanlan sa Hong Kong (*Hong Kong Permanent Identity Card* - "HKPIC") o EC na ini-isyu ng Komisyoner ng Rehistrasyon (*Commissioner of Registration*) sa ilalim ng Mga Regulasyon sa Rehistrasyon ng mga Tao (*Registration of Persons Regulations, Cap.* 177A); na nakarating sa Hong Kong gamit ang Permiso upang Makapunta sa Hong Kong at Macao (*Permit for Proceeding to Hong Kong and Macao* – karaniwang kilala bilang "One Way Permit"); o
  (iii) ay isang residente ng Hong Kong na may isang balidong HKIC o EC na ini-isyu ng Komisyoner ng Rehistrasyon (*Commissioner of Registration)* sa ilalim ng Mga Regulasyon sa Rehistrasyon ng mga Tao (*Registration of Persons Regulations, Cap.* 177A); o may balidong permiso na manatili sa Hong Kong bilang isang umaasa

(*dependant*) na itinataguyod (*sponsored*) ng/ni (b)(i) sa itaas; at
(c) sumusunod sa iniaatas na "naninirahan sa Hong Kong".

Para sa layunin ng Sistema (*Scheme*) ang isang nagpaparehistro ay itinuturing na isang naninirahan sa Hong Kong kung siya ay hindi pa nawala sa Hong Kong sa loob nang tuloy-tuloy sa 24 na buwan agad-agad bago ang Hunyo 18, 2021, maliban na lamang kung dahil sa loob ng naturang panahon, ay tao na:

(a) isang tatanggap (recipient) ng tulong sa ilalim ng Portabol na Komprehensibong Sistema ng Tulong mula sa Panlipunang Seguridad (Portable Comprehensive Social Security Assistance Scheme), pabaon o allowance sa ilalim ng Sistema ng Guangdong (Guangdong Scheme), o pabaon sa ilalim ng Sistemang Fujian (Fujian Scheme);
(b) nag-aaral sa isang paaralan/unibersidad sa labas ng Hong Kong na kinikilala ng kaukulang awtoridad;
(c) isang kalahok sa Iskema ukol sa Pagtatrabaho kung Piyesta-Opisyal (Working Holiday Scheme) na pinamamahalaan ng Kagawaran sa Paggawa (Labour Department);
(d) na-ospital sa labas ng Hong Kong sa mga kadahilanang medikal;
(e) nagsasagawa ng mga opisyal na tungkulin sa labas ng Hong Kong para sa Pamahalaan ng Espesyal na Pang-administratibong Rehiyon ng Hong Kong (Hong Kong Special Administrative Region) o para sa isang kompanya/organisasyon na nasa Hong Kong sa pansamantalang batayan*, o may sinasamahang isang malapit na miyembro ng pamilya na nagsasagawa ng mga naturang tungkulin; at/o
(f) mayroong iba pang eksepsyonal na dahilan (mga dahilan) ayon sa maaaring pagpasyahan ng Pamahalaan na balido para sa layunin ng Sistema (Scheme).

*Para sa layunin ng Sistema (*Scheme*), nangangahulugan ito na ang tao ay inempleyo ng isang kompanya o organisasyon na nasa Hong Kong at pansamantang na-*deploy* upang magtrabaho sa labas ng Hong Kong, at may intensyong bumalik sa Hong Kong pagkatapos ng naturang pagka-*deploy*.

## Rehistrasyon, Koleksyon at Paggamit

Ang mga karapat-dapat na tao ay kailangang magparehistro bago sila maka-kolekta ng mga *voucher* sa pamamagitan ng isa sa mga sumusunod na Pasilidad ng Itinagong Halaga (*Stored Value Facilities* - "SVF"): Alipay HK, Octopus, Tap & Go at WeChat Pay HK.

### *Rehistrasyon*

Ang mga nagpaparehistro ay maaaring magparehistro sa *on-line* sa pamamagitan ng *website* ng Sistema (www.consumptionvoucher.gov.hk) o sa pamamagitan ng pagsusumite ng mga *form* ng papeles sa mga lagayang kahon o mga *drop-box* na nasa alinmang mga tanggapan ng koreo o mga tukoy na sangay ng bangko.

***Koleksyon***

Ang nagtagumpay na mga nagparehistro na ang pinili ay Octopus ay makakakolekta ng mga *voucher* para sa pagkonsumo mula sa mga sumusunod na mapagkukunan:

1. Mga Lugar para sa Koleksyon ng Subsidiya (*Subsidy Collection Points*) na naka-puwesto sa mga istasyon ng MTR, sa mga sentro ng tren para sa serbisyo sa kustomer, sa mga itinalagang *interchange* ng mga pampublikong sakayan at mga itinalagang pyer ng mga lantsang pantawid (*ferry*);
2. Lahat ng mga tindahan ng 7-Eleven, Circle K, at *supermarket* ng Wellcome;
3. Mga pook ng Serbisyo sa Octopus; at
4. Octopus App.

Para sa mga nagtagumpay na nagparehistro na ang pinili ay Alipay HK, Tap & Go at WeChat Pay HK, ang mga *voucher* para sa pagkonsumo ay idedeposito sa mga nakarehistrong *account* sa SVF nang direkta.

***Paggamit***

Ang mga *voucher* para sa pagkonsumo ay maaaring gamitin sa lokal na tingian, sa mga pang-*cater* at nagseserbisyong mga *outlet* o sa kanilang mga *online* na plataporma. Ang mga sumusunod na bagay-bagay kaugnay ng transaksyon ay hindi kasali:

- mga bayad sa pamahalaan (halimbawa, buwis, mga multa, mga bayarin sa lisensiya, mga bayarin sa lagusan o *tunnel*, metro sa pagparada )
- mga bayad sa mga pampublikong kagamitan (iyon ay, tubig, kuryente at gas)
- mga bayad sa mga pampublikong organisasyon (halimbawa, Awtoridad ng Ospital (*Hospital Authority*), Awtoridad ng Pabahay (*Housing Authority*) ng Hong Kong, Kalipunan ng Pabahay sa Hong Kong (*Hong Kong*

*Housing Society*)
- mga gastos sa edukasyon (iyon ay, mga bayad sa mga paaralang primarya at sekundarya na nagbibigay ng mga lokal at hindi lokal na kurikulum, at mga unibersidad na pinopondohan ng UGC)
- pagbili ng mga pinansiyal na produkto o serbisyo (halimbawa, seguro)
- donasyon (kabilang ang mga organisasyong pang-kawanggawa, pang-relihiyon at pampulitika)
- mga direktang pagbili mula sa mga nagtitindang nasa labas ng Hong Kong (kasama ang mga pagbili sa *online* sa pamamagitan ng mga hindi lokal na platapormang pang-*online* na ginawa sa lokal)
- mga pagbabayad na mula sa tao para sa tao
- pagpapalit upang maging pera o *cash*

**<u>Talahanayan ng Pagsasapanahon (*Timetable*)</u>**

*Octopus*

| **Mga electronikong rehistrasyon na nakumpleto sa pagitan ng Hulyo 4 hanggang Hulyo 17** | **Mga elektronikong rehistrasyon na nakumpleto sa pagitan ng Hulyo 18 hanggang Agosto 14 at lahat ng mga rehistrasyon sa papel** |
|---|---|
| **Unang voucher ($2,000)** | |
| Agosto 1 | Setyembre 1 |
| **Pangalawang voucher ($2,000)** | |
| Oktubre 1 | Nobyembre 1 |
| **Pangatlong voucher ($1,000)** | |
| Disyembre 16, 2021<br>(kung ang kabuuang karapat-dapat na paggasta ay umabot na sa $4,000 pagsapit ng Nobyembre 30, 2021)<br><br>o Enero 16, 2022 / Pebrero 16, 2022 / Marso 16, 2022 (kung ang kabuuang karapat-dapat na paggasta ay umabot na sa $4,000 pagsapit ng Disyembre 31, 2021 / Enero 31, 2022 / Pebrero 28, 2022 | Enero 16, 2022<br>(kung ang kabuuang karapat-dapat na paggasta ay umabot na sa $4,000 pagsapit ng Disyembre 31, 2021)<br><br>o Pebrero 16, 2022 / Marso 16, 2022 / Abril 16, 2022 (kung ang kabuuang karapat-dapat na paggasta ay umabot na sa $4,000 pagsapit ng Enero 31, 2022 / Pebrero 28, 2022 / Marso 31, 2022 |

*AlipayHK, Tap&Go, WeChat Pay HK*

| **Mga electronikong rehistrasyon na nakumpleto sa pagitan ng Hulyo 4 hanggang Hulyo 17** | **Mga elektronikong rehistrasyon na nakumpleto sa pagitan ng Hulyo 18 hanggang Agosto 14 at lahat ng mga** |
|---|---|

| | | rehistrasyon sa papel | |
|---|---|---|---|
| **Petsa ng pagbibigay** | **Petsa nang pagkawala ng bisa** | **Petsa ng pagbibigay** | **Petsa nang pagkawala ng bisa** |
| **Unang voucher ($2,000)** | | | |
| Agosto 1 | Disyembre 31 | Setyembre 1 | Enero 31, 2022 |
| **Pangalawang voucher ($3,000)** | | | |
| Oktubre 1 | Disyembre 31 | Nobyembre 1 | Enero 31, 2022 |

**Mga Tanong**

Mangyaring tumawag sa hotline ng Sistema sa 18 5000. Kung kailangan ninyo ng serbisyong interpretasyon mula sa CHEER upang makipag-ugnayan sa mga kawani ng *hotline* ng Sistema, mangyaring makipag-ugnayan sa *hotline* ng CHEER sa 3755 6855.